**Republic of the Philippines**
**Department of Education**
**NATIONAL CAPITAL REGION**
**Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City**

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeM)

# MTB_MLE 3

**MANAGEMENT AND DEVELOPMENT TEAM**

**Development Team:**
**Writer:** EVA B. LLANITA
**Content Editor:** RHODONA V. TUGNA
PERLIE O. SABANG
EULAFEL C. PASCUAL EPS San Juan
ROWELA R. CADAYONA MT-II Pasay
MARY ANN P. BINGAYAN T-III Pasig
**Language Editor:** RHODELLA V. RAMIREZ
ELMER D. ORDANIEL
SAMMY E. URSUA T-II
DULCE O. SANTOS EPS Pasig
**Management Team:**
**MALCOLM S. GARMA**, Regional Director-NCR
**MARGARITO B. MATERUM**, Schools Division Superintendent
**GEORGE O. TIZON**, SGOD Chief
**ELLERY G. QUINTIA**, CID Chief
**MARICAR D. AGAO,** Regional EPS, MTB-MLE
**JENNIFER RAMA,** Division EPS- MTB-MLE/Filipino
**DENNIS M. MENDOZA,** Regional LR Supervisor
**DAISY L. MATAAC**, Division LR Supervisor/ALS
**NANCY C. MABUNGA,** Regional Librarian

**(This is a Government Property. Not For Sale.)**

# ARALIN 5-6 Kaantasan ng Pang-abay na Pamaraan

## Inaasahan

- Natutukoy at nagagamit ang pang-abay na pamaraan sa iba't ibang antas **MT3G-IVf-g-2.5.2**

## Unang Pagsubok

**Panuto:** Piliin ang angkop na pang-abay na pamaraan upang mabuo ang pangungusap. Bilugan ang letra ng tamang sagot.

1. Ang sakit na *CoViD-19* ay ____________ na lumaganap.
   A. magaling B. mahusay C. mabilis
2. Ang paglabas ng bahay ay ________________ na ipinagbabawal sa panahon ng pandemya.
   A. dahan-dahan B. mahigpit C. matulin
3. Ang pamahalaan ay _______________ na pinatutupad ang *Health Protocol.*
   A. maigting B. maluwag C. mahinahon
4. Sinabi ko nang ________________ sa aking ina na may lagnat ang natutulog kong kapatid.
   A. mahina B. malakas C. pabulong
5. Bumangon ako nang _________ dahil may narinig akong ambulansiya sa labas ng bahay.
   A. mabilis B. marahan C. masaya

**(This is a Government Property. Not For Sale.)**

## Balik-tanaw

**Panuto:** Iguhit sa patlang ang  kung pang-abay ang salitang may salungguhit at  kung hindi.

_______ 1. Si Ana ay namasyal sa <u>Luneta *Park*</u>.

_______ 2. <u>Bukas</u> na lang ako manonood ng telebisyon, tatapusin ko muna ang aking modyul.

_______ 3. Sa darating na Lunes ay magsisimula na ang pagbabakuna sa aming <u>barangay</u>.

_______ 4. Nakahanay sa labas ng bahay ang mga upuan para sa <u>*relief goods*</u>.

_______ 5. <u>Inayos</u> ni Mona ang kaniyang *face mask* bago lumabas ng bahay.

## Maikling Pagpapakilala ng Aralin

**Panuto:** Basahin ang talambuhay at sagutin ang pagsasanay sa ibaba nito.

### Ang Aking Talambuhay

*hango sa aklat ng LM MTB3 pahina 332*

Ang pangalan ko ay Jiesel Saavedra. Ipinanganak ako noong Setyembre 21, 2005 sa Gabi, Cordova Cebu. Lima kami sa pamilya. Ang aking ama ay isang *seaman* at kasalukuyang empleyado sa isang pribadong kompanya. Ang aking ina ay isang guro. Siya ay isang *government employee*. Nag-aaral ako sa Paaralang Elementarya ng Gabi.

Noong ako ay limang taong gulang pa lamang, nagkusa akong sumali sa isang paligsahan sa sining sa *kinder*. Ang mga detalye sa paligsahan ay hindi lahat naipaalam sa akin. Ang tema

**(This is a Government Property. Not For Sale.)**

ay hindi nasabi ***nang wasto*** sa akin ng aming guro. Nalaman ko lamang ang tema sa panimulang palatuntunan.

Akala ko ay hindi tama ang aking disenyo. Laking gulat ko ng maraming nagandahan dito. Una, ***buong tiwala*** akong gumuhit ng malaking puso sa kartolina. Ikalawa, ay ***maingat*** kong inilagay ang larawan ng aming pamilya sa gitna. Kasunod nito, ***malinaw*** kong iginuhit ang isang anghel sa itaas ng kanang bahagi ng kartolina. Sa pagtatapos, isinulat ko ***nang malalaking titik*** ang pamagat na "Mahal Ko ang Aking Pamilya."

Sa programa ng pagkilala, lahat ng mga nanalong sining ay dinala sa entablado. Lalo akong kinabahan dahil nakita ko ang aking gawa roon. Nang ipahayag ang nagwagi, ako ang *champion*! Pumalakpak ***nang malakas*** ang mga manonood nang ipakita ang aking sining. ***Mabilis*** na tumakbo sa akin ang aking ina at niyakap ako ***nang mahigpit***.

**Panuto:** Piliin at isulat ang letra ng wastong sagot sa patlang sa unahan ng bawat bilang.

A. Disenyong puso na ginuhitan ng larawan ng kanyang pamilya at angel sa itaas at sinulatan ng MAHAL KO ANG AKING PAMILYA.
B. Paligsahan sa sining
C. Siya ang nagwagi sa paligsahan.
D. Dahil buo ang tiwala niya sa kanyang sarili na maayos niyang magagawa kanyang disenyo.
E. Paaralang Elementarya ng Gabi
F. Opo, upang mahasa ang kakayahan.

_____1. Anong paligsahan ang sinalihan ni Jiesel?
_____2. Bakit siya ipinagmalaki ng kaniyang magulang?
_____3. Anong disenyo ang kaniyang ipinanalo?
_____4. Sa palagay mo, bakit nanalo si Jiesel?
_____5. Mabuti bang sumali sa mga gawain sa paaralan? Bakit?

**(This is a Government Property. Not For Sale.)**

Ano ang napansin mo sa iyong mga sagot sa gawain? Napansin mo ba na ang sagot ay tumutukoy sa **kung paano ginawa ang kilos?**

- mahusay
- dahan-dahan
- malambing
- malakas
- mabilis

Ang tawag sa mga salitang ito ay **pang-abay na pamaraan.**

***Ang Pang-abay na Pamaraan*** ay uri ng pang-abay na naglalarawan kung **paano** isinasagawa ang isang kilos o sumasagot sa tanong na paano.

**3 KAANTASAN NG PANG-ABAY NA PAMARAAN**

1. **Lantay na Antas** ang pangunahing anyo ng pang-abay.
   - Ginagamit ito kung **walang ginagawang paghahambing.**

   **Halimbawa:**
   - Si Lauro ay **mahusay** tumugtog ng gitara.
   - **Maingat** na inayos ng nanaya ang mga damit.
2. **Pahambing na Antas** ay ginagamit kapag may **dalawang pinaghahambing**.
   - Ginagamitan ito ng mga katagang **mas**, **higit na**, **kaysa** at atbp.

   **Halimbawa:**
   - **Mas mahusay** umawit si Rosie **kaysa kay** Norie.
   - **Higit na** kawili-wiling mamasyal sa C6 **kaysa sa** Vista Mall.
3. **Pasukdol na Antas** ay ginagamit kapag ang isa ay inihahambing sa dalawa o higit pa. Ito ang pinakamataas na antas ng pang-abay at nagpapahiwatig ng **kasukdulan**.
   - Ginagamitan ito ng mga katagang **pinaka**, **ubod ng**, **hari ng**, **nuno ng**, **napaka** at atbp.

   **Halimbawa:**
   - **Napakataimtim** magdasal ng aking lola.
   - Paborito niya ang ulam kaya **napakabilis** niyang kumain.

**(This is a Government Property. Not For Sale.)**

## Gawain 1

**Panuto:** Bilugan ang angkop na kaantasan ng pang-abay na pamaraan na nasa panaklong.

1. (Mahigpit, Mas mahigpit, Pinakamahigpit) na ipinagbabawal ang pakikipagkamay sa panahon ngayon.
2. (Matamlay, Mas matamlay, Napakatamlay) ng turismo ngayon sa lahat ng panahon dahil sa pandemya.
3. Si Jenny ay (mabilis, mas mabilis, pinakamabilis) sumagot ng modyul kaysa sa kaniyang kakambal na si Jezzy.
4. Si Julieta ang (mahusay, mas mahusay, pinakamahusay) sumagot sa *online class* ng buong klase.
5. Narinig ang (malamyos, napakalamyos, mas malamyos) na tinig ni Lianne ng siya ay kumanta.

## Gawain 2

**Panuto:** Tukuyin ang antas ng pang-abay na pamaraan na ginamit sa pangungusap at isulat sa sagutang papel.

(1) <u>Nasasabik</u> na akong lumabas ng bahay dahil (2)<u>mas gusto</u> ko na makipaglaro sa aking mga kapatid kaysa sa aking mga kaibigan dahil bawal lumabas ng bahay. (3) <u>Pinakamasaya</u> ang pakikipaglaro sa aking mga kaklase kung makababalik sa normal ang lahat. (4) <u>Mas madali</u> rin kaming matututo sa mga aralin kung kami ay nasa loob ng silid aralan. (5)<u>Gusto</u> kong bumalik na sa dati ang lahat.

**(This is a Government Property. Not For Sale.)**

## Gawain 3

**Panuto:** Isulat ang angkop na antas ng pang-abay na pamaraan para mabuo ang pangungusap.

(mabilis) 1. Ipinamahagi nang ____________ sa aming *Health Center* kaysa sa ibang lugar.

(Mahusay) 2. _____________ na pinamunuan ng punong lungsod ang pagbabahagi ng bakuna.

(maingat) 3. Sa lahat ng mga *frontliners,* ang mga doktor ang _____________ na magbakuna.

(matiyagang) 4. Ang mga mamamayan ay ______________ pumila para magpabakuna.

(taos-puso) 5. Nagpasalamat nang ________________ sa mga *frontliners* ang mga nabakunahan.

## Tandaan

Ang **Pang-abay na Pamaraan** ay uri ng pang-abay na naglalarawan kung paano isinasagawa ang isang kilos o sumasagot sa tanong na paano.

**3 KAANTASAN NG PANG-ABAY NA PAMARAAN**

1. **Lantay na Antas** ang pangunahing anyo ng pang-abay. Ginagamit ito kung **walang ginagawang paghahambing.**
2. **Pahambing na Antas** ang ginagamit kapag may **dalawang pinaghahambing**.
3. **Pasukdol na Antas** ang ginagamit kapag ang isa ay ihinahambing sa dalawa o higit pa. Ito ang pinakamataas na antas ng pang-abay at nagpapahiwatig ng **kasukdulan**.

**(This is a Government Property. Not For Sale.)**

# Pag-alam sa mga Natutuhan

**Panuto:** Sumulat ng maikling kuwento na may tatlo hanggang limang pangungusap tungkol sa iyong natutuhan. Gumamit ng salitang pang-abay na pamaraan at salitang hudyat sa pagkakasunod-sunod ng kuwento.

| Pamantayan | 5 | 3 | 1 |
|---|---|---|---|
| Nagagamit ang mga salitang hudyat. | Nagagamit ang mga salitang hudyat ng naaayon sa pagkakasunod sunod. | Nagagamit ang 2 salitang hudyat ng naaayon sa pagkakasunod sunod. | Nagagamit ang 1 salitang hudyat ng naaayon sa pangungusap |
| Angkop o tama ang pagkakasulat ng pang-abay na pamaraan. | Naisulat nang maayos ang mga pang-abay na pamaraan. | Mayroong pang-abay na pamaraan ngunit hindi naisulat ng maayos. | Walang naisulat ng pang-abay na pamaraan |

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

**(This is a Government Property. Not For Sale.)**

## Pangwakas na Pagsusulit

**Panuto:** Buuin ang pangungusap. Isulat sa patlang ang letra ng tamang sagot.

______ 1. Si Niko ay _______________ sumagot sa *online class.*
A. pinakamahusay B. mas mahusay C. mahusay

______ 2. ______________ kumuha ng Lagumang Pagsusulit sa ngayon kaysa sa dati.
A. Mahirap
B. Lalong mahirap
C. Mahirap na mahirap

______ 3. Si Mark ang _______________ na nagbalik ng modyul sa buong klase.
A. mabilis B. mas mabilis C. pinakamabilis

______4. ______________ sumabay sa *online class* sa hapon kaysa sa umaga.
A. Mahirap B. Mas mahirap C. Pinakamahirap

______5. Nagpasalamat nang ____________ ang mga guro sa suporta ng mga magulang.
A. taos-puso B. mas taos-puso C. lalong taos-puso

**(This is a Government Property. Not For Sale.)**

# Sanggunian

DepEd Most Essential Learning Competencies Kuwarter 4 : Linggo: 3 Competency Code: **MT3G-IV-fg- 2.5.2**

Mother Tongue – Based Multilingual Education 3 (kagamitan ng mag-aaral) na isinulat nina Nelia D. Bamba, Lilibeth A. Magtang, Claire B. Barcelona, Florita R. Matic, Irene T. Pilapil, Raquel C. Solis, Franlyn R. Corporal Gretel, Laura M. Cadiong , Florinda Dimansala, Arabella May Z. Soniega , Grace U. Rabelas at Victoria D. Mangaser

Sangguniang Pangguro MTB – MLE3
https://Canva.com/Education
https://www.tagaloglang.com/halimbawa-ng-personipikasyon/
https://brainly.ph/question/1416898
https://brainly.ph/question/1726747
https://magsanaysafilipino.wordpress.com/2019/12/16/hambingan-ng-mga-pang-abay

# Susi sa Pagwawasto

**Unang Pagsubok**
1. C
2. B
3. A
4. C
5. A

**BALIK-TANAW**
1.
2.
3.
4.
5.



**Gawain 1**
1. mahigpit
2. napakatamlay
3. mas mabilis
4. pinakamahusay
5. malumanay

**Gawain 2**
1. lantay
2. pahambing
3. pasukdol
4. pahambing
5. lantay

**Gawain 3**
1. mas mabilis
2. mahusay
3. Pinakamaingat
4. matiyagang
5. taos-puso

**Pangwakas na pagsusulit**
1. C
2. B
3. C
4. B
5. A